CITY OF LONG BEACH

PRESS RELEASE

OPISYAL NA PAHAYAG

Mayo 8, 2020
Pakikipag-ugnay: Sentro ng Pinagsamang Impormasyon ng Lungsod ng Long Beach, 562.570.NEWS, jic@longbeach.gov

Para sa Agarang Pahayag

Mga Negosyo sa Pagbebenta ay Pinahihintulutang Magbukas, na May Paghihigpit sa Kaligtasan, Mayo 8

Mga trail at golf course ay magbubukas din na may mga paghihigpit

Long Beach, CA - Epektibo Biyernes, Mayo 8, 2020, pahihintulutan ng Lungsod ng Long Beach ang mga tingi na negosyo, na may pinagbagong operasyon at mga pinapatupad na protokol sa wastong paglilinis at pisikal na pagdistansya, upang buksan muli ang mga curbside pickup at mga serbisyong pangdelivery lamang. Ito ay matapos ang unang anunsyo ng pagbubukas ng Lungsod para sumunod sa mga direksyon ng pagbubukas na itinakda ni Gobernador Newsom.

“Ang aming mga desisyon na unti-unting buksan ang ating ekonomiya ay base sa mga patnubay ng estado, tagapaghiwatig, at data sa kalusugan,” sabi ni Mayor Robert Garcia. “Umaasa ako na sa suporta at kooperasyon ng komunidad, patuloy tayong manatiling malusog at mag-obserba ng pisikal na pagdistansya.”

Bilang karagdagan, ang mga trail at ang kanilang paradahan ay magbubukas muli, maaari ring magbukas ang mga golf course, at showroom ng bentahan ng mga kotse, habang sumusunod sa mga rekomendasyon at mga protokol sa kaligtasan ng Lungsod.

Mga Di-Mahahalagang Tagatingi:
Mga di-mahahalagang negosyong ng tingi na awtorisadong magbukas muli, kasama pero hindi limitado sa mga sumusunod, sa direksyon ni Gobernador Newsom:

- Tindahan ng Libro
- Tindahan ng Alahas
- Tindahan ng Laruan
- Tindahan ng Damit

- Tindahan ng Sapatos
- Tindahan para sa Bahay at Muwebles
- Sporting goods na tindahan
- Tindahan ng Antigo
- Tindahan para sa Musika
- Mga Florist

Ang mga di-mahahalagang nagtitinga ay dapat magobserba ng mga sumusunod upang magbukas muli:

- Payagan ang pagkuha sa curbside at/o pang mga delivery lamang.
- Ipatupad ang Protokol sa Pisikal na Pagdistansya sa Tingi bago magbukas.
- Ipagbawal ang mga kostumer na pumasok sa pasilidad ng negosyo.
- Tiyakin ang tamang-daan at/o mga Americans With Disabilities Act (ADA) na pag-access sa mga sidewalk at mga nakapaligid na lugar habang nagpi-pick-up ay hindi nahaharangan.
- Unahin ang kaligtasan ng manggagawa at kustomer, kabilang ang:
    - Pagbigay ng panakip sa mukha at guwantes sa mga manggagawa, at pagsasanay sa kanilang paggamit. Ang mga panakip sa mukha at guwantes ay kinakailangan sa pagpickup at pagdelivery.
    - Ang paghihiling, at pagbibigay ng sapat na oras para, sa mga empleyado na maghugas o mag-sanitize ng kanilang mga kamay ng hindi bababa sa bawat 30 minuto, o kung kinakailangan kung ang mga guwantes a ibinigay.
- Hilingin na ang mga kustomer ay magsuot ng panakip sa mukha habang nagpipickup.
- Hikayatin ang mga pagbabayad sa pamamagitan ng telepono o online nang maaga para sa mga pagpickup.
- Magbigay ng sapat na seguridad o tauhan upang maipatupad ang anumang kinakailangang kontrol sa karamihan ng mga tao at maiwasan ang pag-pila.

Bentahan ng mga Sasakyan:

- Maaaring buksan ang mga showroom sa publiko.
- Kailangang magpatupad ng Protokol sa Pisikal na Pagdistansya bago magbukas.

Mga may-ari ng negosyo at manggagawa ay maaaring tumawag sa 562.570.4BIZ (4249) para sa karagdagang impormasyon.

Mga Trail:
Ang mga indibidwal na dumadalaw sa mga trail ng Long Beach ay kinakailangang sumunod sa mga sumusunod:

- Manatili na hindi bababa sa anim na talampakan mula sa ibang hindi miyembro ng iyong tahanan sa lahat ng oras. Maaari nitong gawin masmadaling gamitin ang ilang mga daanan kaysa sa iba.
- Iwasan ang mga masikip na lugar.
- Kinakailangan ang mga panakip sa mukha kapag malapit sa ibang mga tao ngunit hindi kinakailangan habang nagsasagawa ng ehersisyo na may pisikal na distansya.
- Magbigay ng sapat na pisikal na pagdistansya kapag pumapasa sa iba. Tumabi sa labas ng landas upang payagan ang iba na makadaan kung kinakailangan, kung saan posibleng ligtas.
- Manatili sa bahay kung ikaw at may sakit.
- Huwag mag-tipon sa mga grupo o tumambay sa isang lokasyon maliban kung kinakailangang magpahinga ng sandali.
- Huwag magbahagi ng pagkain o tubig habang nasa mga daanan.

Mga Golf Course:
Ang mga golf course ng Long Beach ay maaaring magbukas at kailangan sumunod sa mga sumusunod:

- Kinakailangang ipatupad ang mga Protokol sa Pagdistansya sa Golf bago magbukas.
- Ang mga clubhouse ay dapat manatiling sarado.
- Ang mga Pro shop ay maaaring magbukas para sa curbside pickup lamang.
- Ang mga restawran at konsesyon ay maaaring buksan pang takeout lamang.
- Inaasahan na ang mga golf course ng Lungsod ay magbukas muli sa Sabado, Mayo 9, upang matiyak ang wastong protokol ng kaligtasan at mga binagong operasyon para sa negosyo ay ipinapatupad. Kasama sa mga golf course ng lungsod ay: Recreation Park, Heartwell Park, Skylinks and El Dorado Park.

Mangyaring tingnan ang kumpletong Utos sa Kalusugan para sa mga karagdagang detalye at impormasyon.

Sa Lunes, Mayo 11, mga karagdagang oportunidad sa libangan ay magbubukas sa publiko. Karagdagang impormasyon ay ibibigay sa ibang araw.

CITY OF LONG BEACH

PRESS RELEASE

Ang lahat ng mga susog sa kasalukuyan at hinaharap sa Utos ng Opisyal sa Kalusugan ng Lungsod na “Masligtas na nasa Tahanan,” na nakatakdang matapos sa Mayo 15, ay mananatiling epektibo hanggang sa karagdagang paunawa o susog. Magpapatuloy na baguhin ang Utos kung kinakailangan upang maprotektahan ang kalusugan ng publiko.

Ang pagkilos na ito ay ipinatupad ng Opisyal ng Kalusugan ng Lungsod, Dra. Anissa Davis, alinsunod sa mga Kapangyarihang Pangemerhensiya na ibinigay sa Namamahala ng Lungsod sa pamamagitan ng Proklamasyon ng Lokal na Emerhensiya.

Para sa pinakabagong impormasyon sa COVID-19, at mga detalye sa lahat ng ginagawa ng Lungsod ng Long Beach upang mapanatiling ligtas ang kanilang mga residente, bumisita sa: longbeach.gov/COVID19 at sundan ang @LongBeachCity sa Facebook, Twitter at Instagram.

###